

Mga pagbabago sa Immigration Control Act. Part 1

Huwag maniwala sa mga sabi-sabi. Siguraduhing tama ang impormasyong inyong nalaman.

Makakatanggap kayo ng notisya galing sa city hall.

Ang alien registration certificate na iniisyu sa mga banyagang nasyonal mula pa noong mga taong nakaraan ay babaguhin. Ang panibagong card na iisyu ay **resident card**. Ang mga banyagang residente ay makakakuha na rin ng sertipikasyon bilang residenteng lokal kagaya ng mga hapones. Subalit ang mga nag overstay ng visa ay hindi makakatanggap ng nasabing card.

Ang resident card na iisyu mula July 2012 bilang bagong ID ay makakatulong para maging mas madali at komportable ang pamumuhay dito sa Japan.

Ang bagong immigration Control Act ay ipapatupad simula Hulyo 9, 2012 on. Subalit bago pa man ipahayag ang balita, ito ay naging usap-usapan na ng mga dayuhang residente. Maraming haka-haka na kumakalat gaya ng usaping ang permanenteng bisa ay mawawalan na ng bisa. Kung may mga katanungan o alalahanin, makipag-ugnayan sa tanggapan ng city hall o sa mga support group ng mga dayuhan sa halip na umasa sa mga sabi-sabi ng iba. Isa sa mga malaking pagbabago sa batas ay ang pagbabawalang-bisa ng alien registration certificate. Sa halip, ang **resident card** ang ibibigay. Sa pagpapatupad ng batas na ito, ang katibayan na ibibigay ng city hall ay hindi na ang alien registration certificate kundi ang bagong **certificate of residence** kagaya ng binibigay sa mga Hapones. Noon, ang alien registration certificate ay binibigay sa mga dayuhang residente kahit na lumampas na ang bisa ngunit ang resident card ay hindi na ibibigay matapos ipatupad ang bagong batas. Masusing pinag-aaralan ng pamahalaan ang bagong sistema bago ito ipatupad sa Hulyo. Ang ibang lokal na pamahalaan ay nagpapamahagi sa mga dayuhang residente ng mga pagbabago sa batas sa paggawa ng notisya sa iba't ibang lenggwahe. Sa Mayo, isang pansamantalang certificate of residence ang ipapadala sa mga dayuhang residente. Hinihingi nito ang kumpirmasyon ng mga impormasyong nakasulat sa temporary card bago ilipat ang data sa bagong certificate of residence. Sakaling hindi maintindihan o may pagkakamaling makita sa temporary card, kaagad na makipag-ugnayan sa city hall. Hindi kailangang magmadali sa paglipat o pagkuha ng bagong resident card. Maaari pa rin gamitin ang alien registration certificate hanggang sa susunod na pagpapalit ng resident status kung saan ang bagong resident card na ang ibibigay. Ang mga permanenteng residente ay kinakailangang magpalit ng resident card hanggang Hulyo 2015. At sa may mga visa katulad ng asawa ng Hapong nasyonal o kaya asawa ng banyagang may permanent visa, kung sila ay naghiwalay dapat magpatala o ipagbigay alam saan man sa mga lokal na upisina ng imigrasyon sa loob ng dalawang linggo. Gayundin kung ang visa ay working visa at nagpalit ng trabaho dapat ding magtungo sa upisina ng imigrasyon. (Maaring ipadala sa koreo ang mga dokumento sa Tokyo Regional Immigration Bureau). Ang residence status ay mapapawalang bisa kung ang paghihiwalay ay mahigit anim na buwan na bago pa man ang legal na paghihiwalay. (Subalit, sa kaso ng paghihiwalay dahil sa DV o domestic violence, pagdaan ng pagdiborsyo sa korte, o pagpapalaki sa mga anak na Hapong nasyonal), ang pagpapalit sa iba pang uri ng visa ng pananatili ay maari.

Makipag-ugnayan at kumunsulta sa mga support group kung ikaw ay kasalukuyang hiwalay o may alinlangan sa iyong kinabukasan. Kinakailangan ipaalam sa city hall ang mga pagbabago gaya ng pagpalit ng tirahan. Para sa mga detalye, puntahan ang sumusunod na website. (Ms. Miho Fujibayashi, isang administrative scrivener)
http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1/index.html

“International Festival” sa May 19 (Sat), 2012



Labinlimang taon ang nakalipas mula ng itatag ang FICEC. Sa darating na ika-15th anibersaryo, ang “International Festival” ay gaganapin sa Higashikubo Central Park malapit sa Aeon supermarket sa Mayo 19 (Sat),2012, sa pakikipag-ugnayan ng Fujimino city, Fujimi city at Miyoshi town. Oras: Mula 11:00 - 16:00, Kung umulan man at hindi kalakasan, itutuloy pa din ang programa.. Kabilang sa mga atraksyon, ang masasarap na pagkain mula sa Thailand, Chile, Nepal, Taiwan, Philippines, Korea at Sri Lanka. May mga sayawan at kantahan mula sa iba’t ibang kinatawan ng mga bansang kasapi. Siguradong maaaliw kayo sa musika ng banda ng Saitama Prefectural Police. Kaya’t isama ang iyong pamilya at makisaya. Kami at ang FICEC ay magagalak sa inyong pakikiisa sa mga aktibidades at para sa mas malalim na pakikipagkaibigan.

Natanggap na ba ninyo ang bagong sertipiko ng pagtanggap ng subsidy sa pagpapagamot?

Sa may mga anak na tumuntong na sa grade one natanggap na ba ninyo ang katibayan ng libreng pagpapagamot (kulay pink) para sa mga bata mula grade one hanggang junior high school? Ipinapakiusap na ang bagong sertipiko ang gamitin kung magpapagamot sa mga ospital sa Fujimino city, Fujimi city at Miyoshi town. Matapos bayaran ang medical fee, mag-apply lamang sa city hall para sa subsidy. Sa mga detalye, tingnan ang leaflet o kung hindi maintindihan pumunta sa tanggapan ng FICEC. Kinakailangang magpalista ng maaga para sa serbisyonang ito o mag-aply kung hindi pa naka rehistro.

Libreng Personal computer lessons simula sa Abril, Hanggang: 5 estudyante, 2 beses kada buwan.

Personal computer lessons ni Ms. Kaji ay bukas sa mga dayuhang residente na hindi pa marunong gumamit ng computer. Ito ay tuwing una at ika-tatlong Huwebes mula 13:00 - 14:30, sa loob ng isang taon. Maaaring gamitin ang computer ng FICEC kung wala kayong sariling computer. Ang pag-aaral ay magsisimula sa ika-6 ng Abril. Ito ay libre. Kaya’t halina at magpalista para sa computer lessons ni Ms.Kaji, isa sa gagaling na guro sa computer lessons. Tumawag lamang sa FICEC. Mayroong din Japanese language class sa umaga ng Huwebes.

FICEC Tel. 049 - 256 - 4290

